## Ikatlong Linggo ng Kuwaresma (A) – 08.03.2026

Ex 17,3-7; Rom 5,1-2. 5-8; Jn 4,5-42

**Ibinabahagi ni Hesukristo, Siyang ating Panginoon, ang buhay Niya sa atin. Nawa'y sumainyo ang Kanyang walang hanggang pagmamahal!**

### PANIMULA

Dumating tayo sa pagdiriwang na ito kung ano man ang kalagayan natin—marahil nagpapasalamat tayo sa ating kalusugan at buhay, ngunit marahil din ay nararamdaman natin ang bigat ng ating mga pagkukulang sa harap ng Diyos. Maaaring pakiramdam natin ay nagkulang tayo sa ating kapareha, sa ating mga anak, o sa ating trabaho at mga relasyon. Maaaring ang buhay natin ay hindi ayon sa ating mga pinapangarap.

Nabasa ko minsan ang kwento tungkol sa isang maliit na nayon kung saan ang tanging balon nito ay natuyo. Naghanap ang mga tao sa lahat ng dako ng at sa huli, napansin ng isang bata ang munting daloy ng tubig sa isang napabayaang sulok. Sa pagtitiyaga, pag-aalaga, at kaunting paghuhukay, naibalik ng mga taga-nayon ang daloy ng tubig. Unti-unting bumalik ang buhay sa nayon, at ang buong nayon ay napalakas at napasigla. Nakikilala tayo ng Diyos sa parehong paraan. Kahit pakiramdam natin ay hindi tayo napapansin, tayo ay napanghihinaan ng loob, o kaya'y napakalungkot ng ating buhay, nakikita Niya ang ating pagka-uhaw. Inaanyayahan Niya tayong uminom nang sagana sa Kanyang pag-mamahal at Kanyang awa.

Buksan natin ang ating mga sarili sa Kanyang pag-mamahal, na ipinahayag sa atin sa pamamagitan ni Hesukristo, na ibinabahagi ang Kanyang buhay sa atin at nag-aalok ng buhay na tubig na nagpapasigla sa ating puso at kaluluwa. Nawa'y sumainyo ang Kanyang walang hanggang pag-mamahal!

### Homiliya: "Ang Tubig na Hindi Natutuyo"

Sinumang nakatayo sa harap ng mga estante ng tubig mineral sa isang tindahan ng inumin ay nahaharap sa isang tunay na dilemma, dahil sa napakaraming uri ng tubig na mapagpipilian.  Mula sa tubig na may bula, tubig na walang bula, tubig na mababa sa asin, pangkaraniwang tubig, tubig mula sa bukal —lahat nang ito ay madali nang mabibili. "Hindi lahat ng tubig ay magkakapareho."  Kapag pinagngilayan ko ang

Ebanghelyo ngayong araw, ang simpleng obserbasyong ito ay nagkakaroon ng mas malalim na kahulugan. Inilalarawan ni Ebanghelistang si Juan ang pakikipagtagpo ng isang babaeng Samaritana kay Hesus sa balon ni Jakob sa Sychar. Parehong tubig ang kanilang pinag-uusapan, ngunit tila hindi sila magkaunawaan. “Hindi lahat ng tubig ay magkakapareho,” tila sinasabi ni Jesus—hindi lahat ng pagka-uhaw ay pare-pareho, at hindi lahat ng pagka-ginhawa ay tumatagal.

Isipin natin ang isang bata sa disyerto na tumatakbong walang sapin sa paa sa ilalim ng nag-aapoy na araw. Bawat hakbang niya ay mabigat, bawat hininga niya ay mainit. Biglang sa di kalayuan, nakakita siya ng pagkislap—isang balon. Dumaloy ang kaginhawaan sa kanyang puso, at dahil sa pag-asa, bumilis ang kanyang pagtakbo. Narating ng bata ang balon, hinalo ang kanyang mga palad sa malamig na tubig, at uminom siya nang sagana. Pansamantalang naibsan ang kanyang pagka-uhaw. Ngunit pagkalipas ng ilang oras, bumalik ang kanyang pagka-uhaw. Ganyan ang buhay. Nakakahanap tayo ng pansamantalang kaginhawaan sa maraming mga bagay—tagumpay, mga relasyon, mga pag-aari—ngunit nananatili ang pinakamalalim na pagka-uhaw sa ating mga puso.

Ipinapakita sa Ebanghelyo ngayong araw ang kwento ng pagka-uhaw—hindi pisikal, kundi pagka-uhaw sa ating buhay, sa ating layuinin, sa pagmamahal, at sa Diyos. Dumating sa tanghaling tapat ang babaeng Samaritana sa balon ni Jakob, marahil gusto lamang uminum ng tubig. Isang pangkaraniwang tagpo ang kanyang inaasahan. Ngunit nagulat siya ni Jesus: “Bigyan mo ako ng inumin.” Isang maliit at ordinaryong hiling, ngunit nagbukas ito ng pintuan sa isang pambihirang bagay.

**Ang Tubig ay Hindi Lamang Tubig**

Sa simula, tila magkaiba ang kanilang pinag-uusapan. Ang babae ay nagsasalita tungkol sa pangkaraniwang tubig, si Hesus naman ay nagsasalita tungkol sa buhay na tubig. Maingat na sinabi ni Hesus sa kanya: “Ang sinumang iinumin sa tubig na ibibigay ko ay hindi na muling mauuhaw.” Ang pangkaraniwang tubig ay pansamantalang iniibsan ang ating pagka-uhaw, ngunit ang tubig na Kanyang inaalok ay pinapawi nito ang pinakamalalim nating hangarin. Ipinapakita ng Ebanghelyo ni Juan na ang tubig sa Banal na Kasulatan ay hindi lamang pangkaraniwan na tubig—ito’y sumisimbolo ng buhay, pagbabago, at ang pagmamahal ng Diyos. Napakaganda

ang paglalarawan sa Awit 42: “Katulad ng paghahangad ng usa sa mga batis ng tubig, gayon din ang paghahangad ng kaluluwa ko sa Iyo, O Diyos.”

Katulad ng babaeng Samaritana, tayong lahat ay may pagka-uhaw. Maaaring uhaw tayo sa kaligayahan, pagtatangi, o pagmamahal. Maaaring pagod na tayo sa tagtuyot na bahagi ng ating buhay, sa mga nasirang pangako nito, sa mga panandaliang kasiyahan na dulot nito. Ngunit ang Buhay na Tubig na iniaalok ni Hesus ay binabago nito ang pagka-uhaw na iyon patungo sa katuparan, kasiyahan, at layunin.

**Ang Hindi Inaasahang Sugo**

Ang kahanga-hanga sa kwento ngayong araw ay hindi lamang ang tubig, kundi ang babae mismo. Naaapi, hinuhusgahan, hindi pinahahalagahan—madali sana siyang hindi mapansin. Ngunit pinili pa rin siya ni Hesus bilang Kanyang sugo. Naging daluyan siya kung saan nakakainom ang iba. Ang kanyang karanasan ay nagbigay inspirasyon sa kanya upang iwan ang kanyang banga ng tubig at tumakbo sa bayan, upang sabihing: “Halina at tingnan ninyo ang lalaking nagsabi sa akin ng lahat ng aking ginawa. Siya na kaya ang Mesiyas?”

Pinapaalala nito sa akin ang isang simpleng eksperimento: Isang binata ang humiling sa mga estranghero na ipahiram sa kanya ang kanilang telepono. Ang iba ay tumulong kaagad; ang iba naman ay nag-atubili. Ang pagkakaiba? Isang maliit at hindi napapansing pag-kiling. Ipinapakita ng eksperimentong ito kung gaano kadalas nakakaligtaan o tinatanggihan ang ibang mga tao. Subalit kabaligtaran ang naranasan ng babaeng Samaritana: siya ay nakita, tunay na narinig, at iginagalang. Ang kanyang patotoo ay nagdulot ng pananampalataya sa marami. Madalas, kumikilos ang Diyos sa hindi inaasahang paraan at sa pamamagitan ng hindi inaasahang tao. Marahil, katulad ng babaeng Samaritana, tinatawag din tayong maging daluyan ng buhay na tubig sa ating mga komunidad.

Isa pang maikling kwento: Napansin minsan ng isang batang guro ang isang tahimik na estudyante, laging nag-iisa, hindi pinapansin ng kanyang mga kaklase. Isang araw, pinabasa siya ng guro sa harap ng klase. Tumibay ang kanyang kumpiyansa sa sarili, at nagsimula siyang tumulong sa ibang estudyante. Ang isang munting pagkilala ay naging alon ng biyaya. Ganito rin ang ginawa ni Hesus sa balon—nakita Niya ang

isang tao na hindi pinapansin, tinugon Niya ang pinakamalalim na pagka-uhaw ng pagkatao nito, at ang babe ay naging bukal ng pag-asa para sa kanyang buong bayan.

**Ang Pagka-uhaw sa Tunay na Buhay**

Ginugugol natin ang ating buhay sa paghahanap ng kaligayahan. Sinusubukan nating maging maligaya dulot ng ating kalusugan, relasyon, karera, libangan, pati ang ating mga pakikipagsapalaran. Ngunit tulad ng bata sa disyerto, ang pansamantalang ginhawa ay hindi tumatagal. Paalala ni Santa Teresa de Ávila: “Solo Dios basta”— Tanging Diyos lamang ang sapat.  Sinabi rin ni San Agustin: “Hindi mapakali ang ating mga puso hangga’t magpahinga ito sa Diyos.”

Kasama natin si Hesus sa ating mga pangkaraniwang gawain, sa ating mga “pang-araw-araw na balon.” Lumalapit Siya sa ating kinaroroonan, sa lahat ng ating pagdurusa, at inaalok Niya ang hindi kayang ibigay ng mundong ito —ang buhay na tubig na nagpapabago ng ating pagka-uhaw upang ito’y maging isang masaganang buhay. Ang pag-aayuno, pananalangin, at pagninilay sa Kuwaresma ay mga paraan upang mabuksan natin ang ating mga sarili sa tubig na ito, upang mapansin natin ang ating pagka-uhaw na madalas nating sinusubukang tabunan sa pamamagitan ng mga sagabal.

**Pagtingin sa Kaibuturan**

Maraming tao ang nagtatanong, “Kumusta ka?” Ngunit bihira tayong nakakarinig ng tapat na sagot. Nagsusuot tayo ng maskara, nagpapanggap tayo, itinatago natin ang ating mga pinagdadaanan. Ngunit tulad ng babae sa balon, inaanyayahan tayong mas laliman pa ang ating relasyon sa Panginoon. Tinitingnan ni Hesus ang ating kaibuturan. Nakikita Niya ang ating pananabik, naririnig Niya ang ating mga katanungan, nauunawaan Niya ang ating mga pagkukulang, at iniaalok Niya ang tubig na tunay na nakaka-pawi ng uhaw. Nagsisimula ang ating buhay espiritwal kapag kinikilala natin ang ating pagka-uhaw at pinapayagan natin ang Diyos na punan ito.

**Ang Biyaya ng Pananabik**

Bawat pananabik sa ating puso ay isang biyaya. Ang bata na naghihintay ng kanyang kaarawan, ang estudyanteng naghahangad ng kanyang pakikipagsapalaran, ang maysakit na umaasang makatatanggap ng ginhawa—lahat ng ito ay mga palatandaan ng mas malalim na pagnanasa. Ipinapakita ng Diyos ang mga pananabik na ito upang dalhin tayo sa Kanya. Napagtanto lamang ng babaeng Samaritana ang kanyang pagka-uhaw matapos niyang makilala si Hesus. Ang ordinaryong gawain niya ng paghuhugot ng tubig ay naging pambihirang sandali na nkapagpabago sa kanyang buhay—at sa buhay ng kanyang mga kababayan.

**Pagiging Isang Bukal**

Hindi lamang pinawi ni Jesus ang pagka-uhaw ng babae; pinalakas Niya ang babaeng Samaritana upang maging isang bukal ng pag-asa para sa iba. Ito ang pinakadakilang biyaya: ang ating pakikipagtagpo sa Diyos ay hindi lamang para sa atin. Dumadaloy ito palabas. Ang ating mga kapamilya, kaibigan, komunidad, at maging mga estranghero, ay makikinabang sa tubig na buhay na dumadaloy sa atin kapag niyakap natin ng buo ang pagmamahal ng Diyos.

**Isang Kwento bilang Pagtatapos**

Noong mga nakaraang taon, nabasa ko ang tungkol sa isang bayan na naapektuhan ng tagtuyot. Natuyo ang mga balon, at halos wala nang pag-asa ang mga tao. Isang babae, gamit ang maliit na mano-manong bomba, ay nagsimulang magbahagi ng tubig sa kanyang mga kapitbahay, sa pamamagitan ng paglalaan nito ng limitadong suplay sa bawat isa. Ang kanyang ginawa ay nagbigay inspirasyon sa iba, at sama-sama silang naghukay, nagbahagi, at nagplano. Sa huli, bumalik ang suplay ng tubig sa bayan. Ang kagandahang loob ng isang babae upang magbahagi ay nagpasiglang muli sa disyerto.

Gayundin, ang tubig na buhay ng Diyos ay naibabahagi sa atin hindi lamang upang mapawi ang ating pagka-uhaw, kundi upang gawin tayong bukal ng pag-asa para sa ibang tao. Pinapaalala sa atin ng babaeng Samaritana: ang mga pangkaraniwang sandali, ang mga pangkaraniwang tao, ang mga pangkaraniwan nating ginagawa na may bukas ang-loob at pagmamahal—kapag hinawakan ng Diyos—ay nagiging pambihira.

Mga kapatid, ngayong Kuwaresma, hanapin natin ang tubig na buhay. Laliman natin ang ating relasyon sa Diyos hindi lamang sa panlabas, kundi yakapin natin ang ating mga pagka-uhaw, at ibahagi natin ang ating mga natatanggap na biyaya. Uminom tayo mula sa balon ng pagmamahal ng Diyos—at iwan natin ang ating mga banga, upang ang iba ay makarating at makainom din.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**